



Nov. 8, 2023

DR-4724-HI NR-033

News Desk ng Estado: 808-636-8955

News Desk ng FEMA: 808-983-2772

Email: FEMA-Hawaii-NewsDesk@fema.dhs.gov

Paglabas ng Balita

Mayroon kang Hanggang Dec. 9 para Mag-apply sa Pederal na Tulong sa mga Sakuna

HONOLULU –Ang deadline para sa pag-apply para sa pederal na tulong sa sakuna ay pina-extend ng isa pang 30 araw, ibig sabihin, ang mga may-ari ng bahay at mga nangungupahan na may hindi naka-insured o kulang sa insurance na pinsala sa kanilang ari-arian mula sa Maui wildfires ay may hanggang **Sabado, Dec. 9**, upang mag-apply.

Ito rin ang deadline para sa mga may-ari ng bahay, nangungupahan, at negosyo ng Maui na mag-apply sa U.S. Small Business Administration para sa mababang-interes na disaster loan para sa pisikal na pinsala sa ari-arian.

“Ang pagrerehistro sa FEMA para sa Indibidwal na Tulong ay ang susi na nagbubukas ng pinto sa maraming uri ng karagdagang tulong sa pederal, at gusto naming tiyakin na lahat ng karapat-dapat para sa tulong na iyon ay may pagkakataong matanggap ito,” sabi ni James Barros, Administrator ng Hawai'i Emergency Management Agency.

"Ang pagiging kumplikado ng kaganapang ito at ang pagkakaiba-iba ng komunidad ng Maui ay lumikha ng ilang mga hadlang sa pagkuha ng lahat ng mga taong nangangailangan ng tulong na mag-sign up para sa pederal na tulong," idinagdag niya. "Kaya nagpapasalamat kami na pina-extend ng FEMA ang deadline ng pagpaparehistro."

Nagbibigay ang FEMA ng mga pondo na direktang binabayaran sa mga karapat-dapat na indibidwal at sambahayan. Maaaring kabilang sa Tulong sa Pabahay ang tulong sa pag-upa, reimbursement ng mga gastos sa panuluyan, tulong sa pagpapaayos ng bahay, at tulong sa pagpapalit. Ang lahat ay ipinaliwanag tulad ng sumusunod:

- **Ang Tulong sa Upa** ay pinansiyal na tulong para sa mga may-ari ng bahay at nangungupahan para sa pansamantalang pabahay kung ang mga sunog ay nag-alis sa iyo mula sa iyong pangunahing

tirahan.

- **Ang Reimbursement sa Gastusin sa Panuluyan** ay pagbabayad para sa mga gastos sa pansamantalang panuluyan na wala sa bulsa na nagreresulta mula sa pinsala na naging dahilan upang hindi pwede matirahan ang iyong pangunahing tirahan. Maaaring kabilang sa mga karapat-dapat na gastos sa panuluyan ang halaga ng kuwarto at mga nauugnay na buwis.
- **Ang Tulong sa Pagpapaayos ng Bahay** ay tulong pinansyal para sa mga may-ari ng bahay upang ayusin ang kanilang mga pangunahing tirahan, utilities na nagseserbisyo sa bahay na iyon, at imprastruktura ng tirahan na humahantong sa iyong ari-arian na nasira ng sunog.
- **Ang Tulong sa Pagpapalit** ay pinansiyal na tulong para sa sinumang may-ari ng bahay na ang pangunahing tahanan ay nasira ng sunog, at maaari itong i-apply sa pagbili ng bagong permanenteng tirahan.
- **Ang Iba Pang Tulong sa Pangangailangan** ay tulong pinansyal para sa iba pang mga gastos na dulot ng sakuna at agarang mahahalagang pangangailangan. Maaaring kabilang sa tulong na ito ang mga pondo para palitan ang personal na ari-arian, paglipat at mga gastos sa pag-iimbak, tulong sa transportasyon, libing, medikal, dental, pangangalaga sa bata, at iba't ibang bagay na nauugnay sa sakuna.

Upang mag-apply para sa tulong sa sakuna ng FEMA, bisitahin ang [DisasterAssistance.gov](https://www.fema.gov), gamitin ang [mobile app ng FEMA](#) o tawagan ang **FEMA Helpline sa 800-621-3362**. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng video relay, serbisyo ng teleponong may caption o ibang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon kapag nag-apply ka. Available ang mga operator ng helpline mula **1 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo**, at nagsasalita sila ng maraming wika. Pindutin ang 2 para sa Espanyol. Pindutin ang 3 para sa tagapagsalin na nagsasalita ng iyong wika.

Para sa American Sign Language video kung paano mag-apply, pumunta sa https://www.youtube.com/watch?v=LU7wzRjByhI&list=PL720Kw_OoJlKOhtKG7HM_On_kEawus6FC&index=6.

Maaari mo ring bisitahin ang anumang Disaster Recovery Center, kung saan maaaring linawin ng mga espesyalista ang impormasyong natanggap mo mula sa FEMA o iba pang ahensya. Makakahanap ka ng center dito: [DRC Locator \(fema.gov\)](https://www.fema.gov/drc-locator)

Ang pangunahing pinagmumulan ng pederal na pagpopondo para sa pangmatagalang pagbangon sa sakuna na hindi sakop ng insurance ay ang Small Business Administration. Nag-aalok ang SBA ng tulong sa sakuna sa anyo ng mga pautang sa sakuna na mababa ang interes sa mga may-ari ng bahay, nangungupahan at mga negosyo. Nagbibigay din ang SBA ng mga karapat-dapat na maliliit na negosyo at nonprofit na organisasyon na may kapital na nagtatrabaho upang makatulong na malampasan ang pinsala sa ekonomiya.

Ang mga kinatawan ng SBA ay available sa Disaster Recovery Centers at sa Business Recovery Centers sa Maui, O'ahu, Kauai at Hawai'i para tulungan ang mga aplikante na mag-apply para sa disaster loan. Magsasara ang Mga Business Recovery Center sa Kauai at Hawai'i sa **Huwebes, Nov. 9**.

Ang mga aplikante ng SBA ay maaaring mag-apply online, makatanggap ng karagdagang impormasyon sa tulong sa sakuna, at mag-download ng mga aplikasyon sa <https://www.sba.gov/hawaii-wildfires>. Ang mga aplikante ay maaari ding tumawag sa

Customer Service Center ng SBA sa **800-659-2955** o mag-email sa disastercustomerservice@sba.gov para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga taong bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita, i-dial ang **711** upang ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Ang mga nakumpletong aplikasyon ay maaari ding ipadala sa **U.S. Small Business Administration, Processing and Disbursement Center, 14925 Kingsport Road, Fort Worth, TX 76155**

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa malaking sunog (wildfire) sa Maui, bisitahin ang mauicounty.gov, mauirecovers.org. I-follow ang FEMA sa social media: [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) at facebook.com/fema. Maaari ka ring makakuha ng impormasyon sa tulong sa sakuna at mag-download ng mga aplikasyon sa sba.gov/hawaii-wildfires.

###

Ang misyon ng FEMA ay tulungan ang mga tao bago pa, habang nangyayari, at pagkatapos ng mga sakuna.

Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ipagkakaloob nang walang diskriminasyon sa mga batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na pangliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nilalabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Civil Rights Resource sa 833-285-7448.